# KUMPIDENSYAL



| | |
|---|---|
| ABOGADO O PANIG NA WALANG ABOGADO NUMERO NG BAR NG ESTADO:<br>PANGALAN:<br>PANGALAN NG TANGGAPAN:<br>ADDRESS NG KALYE:<br>LUNGSOD: ESTADO: ZIP CODE:<br>NUMERO NG TELEPONO.: NUMERO NG FAX.:<br>EMAIL ADDRESS:<br>ABUGADO PARA KAY *(pangalan)*: | ***PARA LANG SA PAGGAMIT NG HUKUMAN***<br><br>***Bilang impormasyon lamang***<br><br>***Huwag ihain sa korte*** |
| **KATAAS-TAASANG HUKUMAN NG CALIFORNIA, COUNTY NG**<br>ADDRESS NG KALYE:<br>ADDRESS NA PANGKOREO:<br>LUNGSOD AT ZIP CODE:<br>PANGALAN NG SANGAY: | |
| MGA PAGLILITIS SA ILALIM NG BATAS NG CARE PARA KAY *(pangalan)*:<br><br>TAGASAGOT | |
| **PAGPAPAHAYAG SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP—<br>MGA PAGLILITIS SA ILALIM NG BATAS NG CARE** | NUMERO NG KASO:<br>***Huwag ihain sa korte*** |

**SA LISENSYADONG PROPESYONAL SA KALUSUGAN NG PAG-IISIP**
Gagamitin ang form na ito upang matulungan ang hukuman na magpasya kung natutugunan ng tagasagot ang dyagnostik na pamantayan para sa mga paglilitis sa ilalim ng Batas ng CARE.

## PANGKALAHATANG IMPORMASYON

1. Pangalan ng Nagpapahayag: ______

2. Address, numero ng telepono, at email address ng tanggapan: ______

3. **Katayuan ng lisensya** *(kumpletuhin ang alinman sa a o b)*:

   a. ☐ Ako ay isang lisensyadong propesyonal sa kalusugan ng pag-uugali at ang pagsasagawa ng pagsusuring inilalarawan sa form na ito ay nasa loob ng saklaw ng aking lisensya. Mayroon akong may bisang lisensya sa California bilang *(lagyan ng tsek ang isa)*:
      (1) ☐ doktor.
      (2) ☐ psychologist.
      (3) ☐ klinikal na social worker.
      (4) ☐ therapist para sa mag-asawa at pamilya.
      (5) ☐ propesyonal na klinikal na tagapayo.

   b. ☐ Ako ay ginawaran ng waiver sa paglilisensya ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado (State Department of Health Care Services) sa ilalim ng seksyon 5751.2 ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions Code) dahil *(lagyan ng tsek ang isa)*:

      (1) ☐ Ako ay nagtatrabaho bilang ☐ psychologist ☐ klinikal na social worker pagpapatuloy ng aking trabaho sa parehong klase mula Enero 1, 1979, sa parehong programa o pasilidad.

      (2) ☐ Ako ay nakarehistro sa lupon ng paglilisensya ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado para sa layunin ng pagkuha ng karanasan na kailangan para sa paglilisensya at nagtatrabaho o nasa ilalim ng kontrata upang magkaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip bilang *(lagyan ng tsek ang isa)*:
         (a) ☐ klinikal na social worker.
         (b) ☐ therapist para sa mag-asawa at pamilya.
         (c) ☐ propesyonal na klinikal na tagapayo.

      (3) ☐ Ako ay nagtatrabaho o nasa ilalim ng kontrata upang magkaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip bilang psychologist na kumukuha ng karanasan na kailangan para sa paglilisensya.

# KUMPIDENSYAL



| MGA PAGLILITIS SA ILALIM NG BATAS NG CARE PARA KAY *(pangalan)*: ***Bilang impormasyon lamang*** TAGASAGOT | NUMERO NG KASO: ***Huwag ihain sa korte*** |
|---|---|

3. b. (4) ☐ Kinuha ako para sa trabaho mula sa labas ng estadong ito, at sapat ang aking karanasan upang makakuha ng admisyon sa pagsusulit para sa paglilisensya ng CalifornIa. Nagtatrabaho ako o nasa ilalim ng kontrata upang magkaloob ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip bilang *(lagyan ng tsek ang isa):*
   - (a) ☐ psychologist.
   - (b) ☐ klinikal na social worker.
   - (c) ☐ therapist para sa mag-asawa at pamilya.
   - (d) ☐ propesyonal na klinikal na tagapayo.

4. Ang tagasagot *(pangalan):* ____________________
   ☐ ay ☐ ay hindi pasyente na nasa ilalim ng aking patuloy na pangangalaga at paggamot.

**PAGSUSURI O MGA PAGTATANGKANG GINAWA SA PAGSUSURI NG TAGASAGOT**

5. Kumpletuhin ang isa sa mga sumusunod *(ang parehong a at b ay kailangang nasa loob ng 60 araw ng pagkumpleto ng petisyon sa ilalim ng Batas ng CARE):*
   a. ☐ Sinuri ko ang tagasagot noong *(petsa):* ____________ *(magpatuloy sa item 7).*
   b. ☐ Sa mga sumusunod na petsa: ____________ Sinubukan kong suriin ang tagasagot ngunit hindi nagtagumpay dahil sa kakulangan ng pakikipagtulungan ng tagasagot sa pagsunod sa pagsusuri.

6. *(Sagutin lang kung nilagyan ng tsek ang item 5b.)* Ipaliwanag nang detalyado kung kailan, ilang pagtatangka, at ang mga uri ng mga pagtatangka ang isinagawa upang suriin ang tagasagot. Ipaliwanag din ang pagtugon ng tagasagot sa mga pagtatangkang iyon at ang resulta ng bawat pagtatangka.

7. Batay sa sumusunod na impormasyon, may dahilan ako para maniwalang natutugunan ng tagasagot ang mga dyagnostik na pamantayan para sa mga paglilitis sa ilalim ng Batas ng CARE *(ang bawat isa sa mga sumusunod na kinakailangan ay* ***kailangang*** *matugunan para maging kuwalipikado ang tagasagot sa mga paglilitis sa ilalim ng Batas ng CARE):*

   a. Ang tagasagot ay may dyagnosis na schizophrenia spectrum disorder o iba pang psychotic na sakit sa parehong klase *(isaad ang partikular na sakit):*

   **Tandaan:** Sa ilalim ng seksyon 5972 ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon, ang isang kuwalipikadong psychotic na sakit ay kailangang pangunahing psychiatric na katangian at hindi dahil sa medikal na kondisyong tulad ng traumatic brain injury, autism, dementia, o neurolohikal na kondisyon. Ang isang taong may kasalukuyang dyagnosis ng sakit sa paggamit ng alkohol/droga nang hindi rin natutugunan ang iba pang mga pamantayan nang ayon sa batas, kabilang ang dyagnosis ng schizophrenia spectrum o iba pang psychotic na sakit, ay hindi kuwalipikado.

   b. Nakakaranas ang tagasagot ng malubhang sakit sa pag-iisip na *(kailangang makumpleto ang* ***lahat*** *ng sumusunod):*
      (1) Ay malubha ang antas at patuloy na tumatagal *(ipaliwanag nang detalyado):*

7. b. (2) Maaaring magdulot ng pag-uugali na lubos na sumasagabal sa mga pangunahing aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay *(ipaliwanag nang detalyado):*

(3) Maaaring magresulta sa kawalan ng kakayahang mapanatili ang matatag na pagsasa-ayos at malayang pagganap nang walang paggamot, suporta, at rehabilitasyon ng mahaba o walang katiyakang panahon *(ipaliwanag nang detalyado):*

c. Ang tagasagot ay hindi klinikal na napapanatag sa patuloy na boluntaryong paggamot *(ipaliwanag nang detalyado):*

d. Hindi bababa sa isa sa mga ito ang totoo *(kumpletuhin ang isa o pareho sa mga sumusunod):*

(1) ☐ Ang tagasagot ay malamang na hindi ligtas na manatili sa komunidad nang walang nagbabantay **at** ang kalagayan ng tagasagot ay lubos na lumalala *(ipaliwanag nang detalyado):*

(2) ☐ Kailangan ng tagasagot ng mga serbisyo at suporta upang maiwasan ang mabalik sa masamang kalagayan o lumubha na malamang na magreresulta sa malubhang kapansanan o malubhang pinsala sa tagasagot o sa iba *(ipaliwanag nang detalyado):*

# KUMPIDENSYAL



7. e. Ang pagsali sa plano ng CARE o kasunduan ng CARE ay hindi bababa sa mahigpit na alternatibong kinakailangan upang matiyak ang paggaling at katatagan ng tagasagot *(ipaliwanag nang detalyado):*

f. Malamang na mapakinabangan ng tagasagot ang pagsali sa plano ng CARE o kasunduan ng CARE *(ipaliwanag nang detalyado):*

8. ☐ Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri sa tagasagot ay ☐ ang mga sumusunod ☐ nasa Kalakip 8.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng Estado ng California, na ang mga nabanggit ay tama at wasto.

Petsa: ______________________

______________________ ▶ ***Bilang impormasyon lamang***

(I-TYPE O I-PRINTA ANG PANGALAN NG NAGPAPAHAYAG) (LAGDA NG APLIKANTE)



**Para sa inyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang I-clear itong form na buton matapos niyong iprinta ang form.**

I-printa itong form | I-save itong form | I-clear itong form